171/2 Brooklyn Ave.
Seattle, Wash.
Ap. 21, 1920.

Mahal kong Ina:- Tinanggap ko po ang inyong sulat at lubos po ang aking pasasalamat ñg mabasa ko na kayong lahat ay mabuti diyan at pawang malalakas ang katawan. Kami po naman dine sa awa ñg Maykapal ay mabuti din at tuloy din po ang pagaaral, at hindi din po nagkakasakit.

Ikinababalita ko sa inyo na si Teban de Juya ay dumating dine noong Abril 17. at dine sa bahay nagpatuloy. Ngayon po ay sia ay kasama ni Pete Sangalang at naghahanap ñg trabajo. Sina Juan Marquez po at Genaro ay mabuti din ang trabajo at kahit po may kahirapan ang trabajo ay malaki naman ang sueldo.

Bagay po sa inyong naulit na pagbibili ñg tindahan ay kayo na ñga po ang bahala at cami po dine ay nayon na sa lahat ninyong pasiya. Lalo ñga po marahil mabuti upang kayo naman ñg makapagpahinga na at kayo po naman

ay kaawaawa at matanda na, pati po si Ate Tia at ang Nanay ay huag na ding magtrabajo at hindi na po yata naman nararapat. Kung ako nga po lamang ay makakatulong ay sanay akoy tumulong. Nguni't dang sa ngayon po ay hindi pa makatulong ay bari na nga po at sa dakaon po ay makapagsisiue sa inyong lahat habang tayo ay nabubuhay.

Dine po sa bahay ay may dalwang Filipina na kapisan namin. Ang isa po ay kamaganac nina Manong Pepê at ang ngalan po ay Preciosa Aguas Mandanas. Ang isa po naman ay tiga Mauban, Tayabas, na nagvavacacion dine sa America. Dine nga po namin kapisan sa bahay kaya't para din po kaming nasa Filipinas at hindi po namin malilimutan ang ating costumbre at salita.

Marahil po ay dian sa atin ay masaya ang fiesta at mahal na araw. Dine po ay walang saya ang mahal na araw at hindi catulad dian na may basahan ng pasion at may procesion.

Ang vacacion po namin ay sa katapusan ng Junio at hindi pa po namin maalaman kung sa Alaska kami magtatrabajo ó kung dine sa Seattle. Bago ko na po isulat sa inyo.

Ito na po lamang at nawáy pag sumapit ito sa inyo ay kayong lahat ay nasa lalong mabuting katayuan, maligaya, masiwasa at payapa.

Hintay ko po ang inyong vendicion sa tuwing oras.

Ang inyong anac.
José f Orosa.

Si Ate Angue po ay kaya hindi malimit sumulat ay dahil sa walang lugar siya.